

MGA KARANIWANG SANHI

- Anumang malubhang karamdaman na nangangailangan ng pananatili sa ospital / matagalang imobilisasyon
- Matagalang pag-upo na lampas sa karaniwan nang walang kakayahang umabot o mag-inat lalo na kung mahigit sa 4 na oras
- Trauma
- Panlabas na pressure saanman sa mga binti o braso, lalo na sa likuran ng tuhod, sa singit, siko o kili-kili
- Masisikip na kasuotan na gaya ng nababanat na band para sa binti, lukot o nakabalumbon na medyas, masisikip na pantalon o kamiseta
- Ilang abnormalidad sa puso gaya ng
 - arrhythmia
 - Pagkalantad sa pamumuo ng dugo
 - Pagtanda
- Iniinom na kontraseptibo o hormone replacement therapy
- Operasyon
- Mas mataas ang posibilidad na magkaroon ng pamumuo ng dugo kung mayroon na dati
- Lahi

Kung naaangkop, ipaalam sa iyong Healthcare professional tungkol sa iyong mahalagang kasaysayan sa kalusugan na nauugnay sa DVT:

- ☐ Mayroon akong paralysis o spinal cord injury kaya nanganganib ako ng hustong magkaroon ng DVT.
- ☐ Nagkaroon ako ng DVT noon o may kasaysayan ang aking pamilya ng pagkakaroon nito.
- ☐ Umiinom ako ng pampalabnaw ng dugo para maiwasan ang DVT o huminto ako sa pag-inom ng pampalabnaw ng dugo para sa DVT kamakailan.

AKING IMPORMASYON

Pangalan:

MEDIKAL NA KASAYSAYAN

Baseline na Blood Pressure:

Baseline Temperatura ng Katawan:

Nyurolohikal na Lokasyon ng Injury:

Pangunahing Healthcare Provider:

Numero ng Telepono:

Mga Alerhiya:

PANG-EMERHENSYANG KONTAK

Kung May Emerhensya, Tawagan Si:

Kaugnayan:

Phone Number:

Ang lathalang ito ay suportado ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng gawad ng pinansyal na tulong na may kabuuang halaga na \$10,000,000, at ang 100 porsiyento ng pondo ay galing sa ACL/HHS. Ang nilalaman ay mula sa (mga) may-akda at hindi tuwirang kumakatawan sa mga opisyal na pananaw o pag-aendorso ng ACL/HHS, o ng Pamahalaan ng Estados Unidos.

Deep Vein Thrombosis (DVT)



ANO ITO

Ang Deep Vein Thrombosis (DVT) ay pamumuo ng dugo na karaniwang makikita sa binti o braso, na maaaring humantong sa kakulangan ng daloy ng dugo tungo sa mga biyas, na nagdudulot ng pagkasira ng mga himaymay sa loob, edema (swelling) at pagkabitak ng balat. Maaaring madurog ang pamumuo, at maglakbay tungo sa baga na magdudulot ng pulmonary embolism (PE), na maaaring makaapekto sa paghinga at kakayahan ng puso, o sa utak na maaaring humantong sa stroke o kamatayan. Kapag nagkaroon ka n spinal cord injury (SCI), ang panganib ng pamumuo ng dugo ay magsisimula sa loob ng 72 oras matapos ang paunang injury at mananatili habang-buhay. Karamihan sa mga indibidwal ay nagkakaroon ng pamumuo ng dugo matapos ang SCI. Halos kalahati ng mga ginagamot sa pamumuo ng dugo ay magkakaroon ng ibang pamumuo.

**Ang Deep Vein Thrombosis is
ay medikal na emerhensya.
Agad na pumunta sa iyong
healthcare provider.**

*Napakahalagang sundin ang
utos para sa mga lab test nang
napapanahon upang matasa ang
kalagayan ng iyong dugo.*

Para sa Healthcare Provider o Unang Tataguton

Ang rikonosi ng DVT ay maaaring maging mahirap sa indibidwal na may paralysis/ SCI dahil sa kakulangan ng pakiramdam at kakayahang magpahayag ng pananakit. Nakasaad ang pagsusuri kung pinaghihinalaan ang DVT. Ang karamihan sa mga indibidwal na may traumatic na SCI ay lalagyan ng mga intravenous filter, na maaaring magpabalag sa pagbalik ng daloy ng dugo na mula sa mga biyas tungo sa puso, kaya tataas ang posibilidad ng DVT, ngunit mapipigilan ang paglalakbay ng pamumuo tungo sa mga artery ng бага.

Ang panganib ng pagkakaroon ng DVT sa SCI ay tumataas dahil sa Virchow's Triad:

- Venous Stasis
- Hypercoagulability
- Intimal Injury

Angkop na bantayan at gamutin ang autonomic dysreflexia.

Ang paggamot ng mga indibidwal na may paralysis ay pareho sa kahit sinong indibidwal.

KARANIWANG MGA PASUSURI PARA SA DVT

- Doppler Ultrasonography—pangunahin
- Radiocontrast Venography
- D-dimer assay
- V/Q Scan or Spiral CT for PE

Editorial na Pagsusuri ni:
Linda M. Schultz, PhD, CRRN

ANO ANG DAPAT GAWIN PAGKATAPOS NG RIKONOSI

- Compression o pneumatic na medyas o stocking
- Mga pampalabnaw ng dugo (anticoagulation)
 - Low-molecular-weight na heparin (pinakamainam para sa SCI)
 - Unfractionated na heparin
 - Warfarin
- Operasyon
 - Ilalagay ang filter sa ugat upang harangan ang dako ng pamumuo (invasive na mataas ang panganib).
 - Thromboembolectomy (pagtatanggal ng (mga) pamumuo)
- Mga gamot na tumutunaw sa pamumuo (clot buster)
 - Tissue plasminogen activator
 - t-PA
 - Urokinase
 - Streptokinase

MGA KARANIWANG SENYALES AT SINTOMAS NG DVT

- Pamamaga ng binti o braso
- Pananakit sa alak-alakan, hita o braso
- Mas mainit ang balat sa apektadong dako
- Pamumula o pamumuti ng apektadong dako
- Pananakit
- Sinat
- Sintomas ng autonomic dysreflexia kung ang nyurolohikal na level ng injury ay T6 o mas mataas



International Center for Spinal Cord Injury
at Kennedy Krieger Institute
Research. Restoration. Recovery.

www.spinalcordrecovery.org

KARANIWANG SENYALES AT SINTOMAS NG PULMONARY EMBOLISM

- Pananakit ng dibdib
- Pagkahingal
- Pag-ubo ng may dugo
- Pakiramdam ng kawalan ng pag-asa
- Mabilis o mabagal na tibok ng puso
- Pag-iiba ng lagay ng isip
- Lagnat
- Maingay na paghinga

MGA TIP SA PAG-IWAS SA DVT

- Huwag 'isabit' ang iyong braso sa likod ng iyong upuan
- Iwasan ang pagdekuwatro
- Huwag patamain ang upuan sa likuran ng iyong tuhod
- I-adjust ang kasuotan para hindi masikip ito, lalo na sa kili-kili o singit
- Magsuot ng hindi lukot o hindi nakabalumbon na anti-embolic na medyas o stocking
- Luwagan ang mga bag strap ng binti
- Iwasan ang pag-inom ng kontraseptibo at hormone replacement
- Huminto sa paninigarilyo
- Dahan-dahang igtalaw ang mga biyas
- Palaging inspeksyunin ang mga biyas, gumamit ng salamin kung kinakailangan
- Huwag masahihin ang mga braso o binti



CHRISTOPHER & DANA
REEVE FOUNDATION
TODAY'S CARE. TOMORROW'S CURE.®

636 Morris Turnpike, Suite 3A
Short Hills, NJ 07078
Phone: 800-539-7309

www.ChristopherReeve.org

© Christopher & Dana Reeve Foundation